


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 6

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan- Modyul 4: Mga Programang Ipinatupad ni Pangulong Manuel A. Roxas



**Pangalan:** ______________________________

**Baitang at Seksyon:** ______________________

**Paaralan:** ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Phoebe Jane A. Cobrado, MAEd

**Editor:** Juvey R. Mustapha EdD.
Mohamar D. Rindo, PhD.
Edna A. Opog, EdD.

**Tagasuri**: Alma L. Carbonilla ,EdD.

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Elma T. Labandero, MAEd

**Tagalapat:** Jeneliza C. Panes, EdD.

**Tagapamahala**: Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS - LRMDS

Alma L. Carbonilla, EdD
EPS – Araling Panlipunan



# Alamin

Magandang araw mga bata! Matutunghayan ninyo ngayon ang isa na namang bagong aralin natin sa Araling Panlipunan. Inihanda ang modyul na ito upang malalaman ninyo ang mga pagsusumikap na ginawa ng mga mga kapwa nating Pilipino upang makamit ang kalayaan.

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- ❖ Nakatatalakay ang mga programang ipinatupad iba't ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972.
- ❖ Ang Administrasyon ni Pangulong Manuel A. Roxas ( 1946-1948)



# Balikan

**Panuto**: Tukuyin ang inilalarawan sa bawat bilang. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat ito sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| BIBA | PRIMCO | MAKAPILI |
| KEMPEITAI | NANISCO | MICKEY MOUSE MONEY |

1. Ito ay nagbibigay ng mga pangangailangan sa mga tahanan ng pamilyang Pilipino sa maliit na halaga.
2. Mga pulis-militar ng mga Hapones na humuhuli sa mga Pilipino na lumalaban sa kanila.
3. Katawagan sa pera ng mga Hapones na walang limitasyong inimprenta sa bansa.
4. Ahensiyang itinayo upang maging maayos ang distribusyon at pagbebenta ng bigas.
5. Katawagan sa mga kasapi ng USAFFE at sibilyang namundok para maki-alsa para sa kalayaan ng bansa.

| Aralin 4 | Mga Programang Ipinatupad sa Administrasyong Manuel Roxas |
| --- | --- |



# Tuklasin

Tunghayan ang larawan.



https://kahimyang.com/kauswagan/articles/1087/today-in-philippine-history-april-23-1946
*-manuel-roxas-was-elected-president*

*Ano ang nakikita mo sa larawan? Nakikilala mo ba siya? Ano ang kanyang buong pangalan? Alam mo ba ang mga programang isinulong niya para sa bansa?*

Halina't atin itong tuklasin sa aralin na ito.



# Suriin

Magaling! Napagtagumpayan mo ang unang gawain. Ngayon, basahin mo ang teksto tungkol kay pangulong Manuel A. Roxas at ang kanyang mga programa sa panahon ng kanyang panunungkulan.

## Mga Programang Ipinatupad sa Administrasyong Manuel A. Roxas

Si Manuel A. Roxas ang unang Pangulo ng Ikatlong Republika at ang huling pangulo ng Commonwealth. Sa kanya naiatas ang pagsasaayos ng mga imprastraktura at pagpapaunlad ng ekonomiya na bumagsak sa panahon ng nakaraang digmaan. Malaking hamon sa kanya na maging industriyalisado ang bansa.

Ilan sa mga programang kanyang isinulong ay ang sumusunod:

1. *Bell Trade Act.* Ito ay nagtatadhana ng malayang kalakalan sa pagitan ng Pilipinas at Amerika hanggang 1954. Sa panahon ng malayang kalakalan, ang ganap na *quota* ay ipinataw sa mga pangunahing iniluluwas na kalakal ng Pilipinas tulad ng bigas, sigarilyo, asukal, tabako at langis ng niyog.
2. *Rehabilitation Act.* Ito ay tinatag na batas sa rehabilitasyon na nagtakda ng $620 milyon na ibibigay sa mga napinsala sa panahon ng digmaan ngunit ibibigay lamang ito kung babaguhin ang Konstitusyon ng Pilipinas para bigyan ng *parity rights* ang mga Amerikano.
3. *Kasunduan ng Pangkalahatang Ugnayan.* Ito ay nagtatalaga na iniurong at isinuko ng Estados Unidos ang lahat ng mga karapatan sa pamamahala, pagmamay-ari, hurisdiksyon, kontrol o soberanya sa Pilipinas maliban lamang sa mga baseng kailangan ng Amerika para sa proteksyon ng Amerika at Pilipinas.
4. *Kasunduan sa Base Militar.* Pinahintulutan nito ang Amerika na magkaroon ng 16 na base sa iba't ibang lugar sa Pilipinas na tatagal nang 99 na taon.
5. *Pangkalahatang Amnestiya.* Ito ay pangkalahatang amnestiya sa lahat ng mga taong kinasuhan ng kolaborasyon o pakikipagtulungan sa mga Hapones noong digmaan maliban lang sa mga taong nakagawa ng krimen para tumulong sa mga Hapones, boluntaryong naging espiya ng kaaway o ang mga gumamit ng armas laban sa mga kilusang lumalaban sa mga Hapones.


6. *National Development Company (NDC).* Ito ay nagsisiyasat ng alternatibong paggamit ng lokal na mga hilaw na sangkap tulad ng dayami, abaka, kawayan at *sugar bagasse* para sa produksyon ng sepal.
7. *Philippine Rice-Share Tenancy Act*. Naglalayon itong mapabuti ang hatian sa pananim o *crop share scheme* na 60-40 ng kasama at mga may-ari ng sakahan.



# Pagyamanin

## Gawain 1: *CONCEPT MAP*

**Panuto:** Gamit ang *Concept Map*, itala ang mga programang ipinatupad ni Pangulong Manuel A. Roxas.



## Gawain 2: Pagtutugma-tugma

**Panuto:** Piliin sa hanay B ang tinutukoy sa hanay A. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| HANAY A | HANAY B |
| --- | --- |
| 1. Itinakda nito ang bahagdang hatian ng ani ng mga kasama at mga may-ari ng sakahan. | a. Rehabilitation Act |
| 2. Itinakda nito ang malayang kalakalan sa pagitan ng Amerika at Pilipinas. | b. Bell Trade Act |
| 3. Pag-urong at pagsuko ng Amerika sa lahat ng mga karapatan sa Pilipinas maliban sa mga baseng kailangan para sa proteksyon ng Amerika at Pilipinas | c. Pangkalahatang Amnestiya |
| 4. Pagkakaroon ng 16 na base sa iba't ibang lugar sa Pilipinas. | d. Kasunduan sa Base Militar |
| 5. Pagbibigay ng pera na gagamitin sa mga napinsala sa panahon ng digmaan.Development | e. National Company |
| 6. Huling pangulo ng Commonwealth | f. Kasunduan sa Pangkalahatang Ugnayan |
| 7. Itatatag sa ibat ibang lugar na tatagal ng maraming taon | g. Base Militar |
| 8. Lugar na katuwang ng Pilipinas sa malayang kalakalan | h. Manuel Roxas |
| | i. Amerika |

## Gawain 3: Ginulong mga Letra

**Panuto:** Ayusin ang mga ginulong letra upang maibigay ang hinihinging kasagutan sa mga gabay na tanong.Isulat ito sa iyong sagutang papel.

| | |
|---|---|
| YDODASALINISUTRI | 1. Hamon kay Pangulong Manuel Roxas para sa bansang Pilipinas. |
| RITYAP SHIRGT | 2. Kahilingan ng mga Amerikano. |
| AYPISE | 3. Mga taong hindi pinatawan ng amnestiya. |
| LANAKALAK | 4. Pangunahing paksa ng Bell Trade Act. |
| ASTIYAMEN | 5. Uri ng pagpapatawad na iginawad sa mga taong kinasuhan noong digmaan. |
| GALIRSIOY | 6. Iniluluwas na kalakal ng bansa. |
| ONSYTIKOTUNS | 7. Kailangang baguhin para pagbigyan ang mga Amerikano |
| AWAYNAK | 8. Halimbawa ng alternatibong lokal na sangkap. |
| AQUTO | 9. Isang pangkat ng mga layunin sa pagkamit ng bilang o dami ng bilang. |
| RASPIMKARTAURT | 10. Isa sa mga naiatas kay Pangulong Manuel Roxas na may kinalaman sa pagsasaayos. |



# Isaisip

Panuto: Punan ang patlang ng tamang sagot. Isulat ang mga ito sa iyong sagutang papel.

Sa modyul na ito, natutuhan ko na si ____________________ ang naging unang pangulo ng Ikatlong Republika ng Pilipinas.

Nalaman ko rin na sa kanya naiatang ang pagsasaayos ng _______________ at _______________ ng ekonomiya sa panahon na bumagsak ito dahil sa digmaan.


Dahil rito isinulong niya ang mga programang ____________________, ____________, ____________________, _________________, ______________, ___________ at ______________ na naglalayon matugunan ang mga suliranin sa bansa.



# Isasagawa

## Gawain 1: *Slogan Making*

Panuto: Gumawa ng isang slogan batay sa mga programang inilunsad ni Pangulong Manuel A. Roxas.



## Rubriks sa Pagmamarka sa Paggawa ng Slogan

| | 10 | 7 | 5 | 3 |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Mabisang naipakita ang mensahe | Hindi gaanong naipakita ang mensahe | Magulo ang mensahe | Walang mensaheng naipakita |
| Pagkam-alikhain | Napakalinaw at napakaganda ng pagkasulat ng mensahe | Malinaw at maganda ang pagkasulat ng mensahe | Maganda ngunit hindi gaanong malinaw ang mensahe | Hindi maganda at Malabo ang mensahe |
| Kaug-nayan | May malaking kaugnayan sa paksa | Hindi gaanong may augnayan sa paksa | Kaunti lamang ang kaugnayan sa paksa | Walang kaugnayan sa paksa |
| Kalinisan | Malinis na malinis ang pagkagawa | Malinis ang pagkagawa | Hindi gaanong malinis ang pagkagawa | Marumi ang pagkagawa |



# Tayahin

**Panuto:** Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong notbuk.

1. Ano ang naging malaking hamon kay Pangulong Manuel Roxas na naiatang sa kanya?
   A. Maging isang industriyalisado ang bansa.
   B. Mabigyan ng amnestiya ang mga nakagawa ng krimen
   C. Maitatag sa panahon niya ang ASEAN.
   D. Maipataw ang kaparusahan sa mga naging espiya ng Hapones.

2. Bakit may pasubali ang pagbibigay ng pera sa mga napinsala sa panahon ng digmaan?
   A. Magkaroon ng buong kontrol o soberanya ang U.S. sa Pilipinas.
   B. Mabigyan ng parity rights ang mga Amerikano.
   C. Sa karapatang gamitin ang mga likas na yaman ng bansa.
   D. Hindi magamit ang pundong nakalaan para dito.

3. Sa anong paraan tinulungan ni Manuel Roxas ang mga magsasaka?
   A. Binigyan niya ang bawat isa ng aanihing lupa.
   B. Nagtakda siya ng programa para mapabuti ang hatian sa mga pananim.
   C. Gumamit siya ng dahas sa mga may-ari ng lupang sinasakahan.
   D. Binigyan niya ng libreng pananim ang mga magsasaka.

4. Anong tulong ang maibibigay ng National Development Company o NDC?
   A. Paggamit ng mga alternatibong lokal na mga hilaw na sangkap tulad ng abaka, dayami at iba pa.
   B. Pagbibigay amnestiya sa mga kinasuhan ng kolaborasyon sa mga Hapones.
   C. Pagbibigay karapatan sa pagmamay-ari ng sakahan.
   D. Paggamit ng mga kalakal para mapaunlad ang bansa.

5. Anong kasunduan ang nilagdaan ni Pangulong Roxas na nagbibigay pahintulot na magkakaroon ng 16 na base ang U.S. sa Pilipinas?

A. Kasunduan sa Pangkalahatang Ugnayan
B. Pangkalahatang Amnestiya
C. Kasunduan sa Base Militar
D. Batas sa Rehabilitasyon

6. Ano ang nagtadhana sa malayang kalakalan sa pagitan ng Amerika at Pilipinas?
A. Bell Trade Act
B. Pangkalahatang Amnestiya
C. Rehabilitation Act
D. Parity Rights

7. Anong bahagdan ang hiniling para mapabuti ang hatian sa pananim?
A. 50 -50 bahagdan
B. 30-70 bahagdan
C. 60-40 bahagdan
D. 80 –20 bahagdan

8. Ilang taon tatagal ang pagkakaroon ng base ng U.S. sa Pilipinas ayon sa Kasunduan sa Base Militar?
A. 99 na taon
B. 80 na taon
C. 50 na taon
D. 100 na taon

9. Anong produkto ang hindi kasali sa alternatibong lokal na sangkap?
A. Abaka
B. Dayami
C. Kawayan
D. Langis

10. Hanggang kailan nagtatadhana ng malayang kalakalan sa pagitan ng U.S. at Pilipinas?
A. 1945
B. 1946
C. 1953
D. 1954



# Karagdagang Gawain

**Gawain 3**: **PAGSULAT NG SANAYSAY**

Panuto: Sumulat ng isang buod na sanaysay na nagpapaliwanag sa mga programa ni Pangulong Manuel A. Roxas. Gawing batayan ang rubrik sa kasunod na pahina para sa pagkuha ng puntos. ***(15 puntos)***

## RUBRIK SA PAGSULAT NG SANAYSAY

| Pamantayan | 5 | 3 | 1 |
|---|---|---|---|
| **Organisasyon** | Maayos at malinaw ang organisasyon ng mga ideya. | Hindi masyadong malinaw ang organisasyon ng mga ideya. | Lumihis sa ipinapagawa o sa dapat ipapahayag na mensahe ng gawain. |
| **Gramatika at Pagbaybay** | Walang mali sa pagbaybay at gramatika. | May 1-5 mali sa pagbaybay at gramatika. | May 6 o higit pang mali sa pagbaybay at gramatika. |
| **Kalinisan** | Napakalinis ng awtput; walang makikitang bura at nasusunod ang tamang anyo ng pagsulat ng liham, gaya ng wastong palugit at pasok. | Kakikitaan ng 1-5 pagbura ng mga salita at hindi nasunod ang tamang anyo ng pagsulat ng liham, gaya ng wastong palugit at pasok. | Kakikitaan ng 6 o higit pang pagbura ng mga salita at hindi nasunod ang tamang anyo ng pagsulat ng liham, gaya ng wastong palugit at pasok. |

# Susi sa Pagwawasto

***BALIKAN***

1.NANISCO

2. KEMPEITAI

3. MICKEY MOUSE MONEY

4. BIBA

5. MAKAPILI

***PAGYAMANIN***

Gawain 1

1. BELL TRADE ACT
2. REHABILITATION ACT
3. KASUNDUAN NG PANGKALAHATANG UGNAYAN
4. KASUNDUAN SA BASE MILITAR
5. PANGKALAHATANG AMNESTIYA
6. NATIONAL DEVELOPMENT COMPANY
7. PHILIPPINE RICE-SHARE TENANCY ACT

Gawain 2

1. e
2. b
3. f
4. d
5. a
6. h
7. g
8. i

Gawain 3

1. INDUSTRIYALISADO
2. PARITY RIGHTS
3. ESPIYA
4. KALAKALAN
5. AMNESTIYA
6. SIGARILYO
7. KONSTITUSYON
8. KAWAYAN
9. QUOT
10. IMPRASTRAKTURA

***ISAISIP***

1.MANUEL A. ROXAS,

2. IMPRASTRAKTURA,
3.PAGPAPAUNLAD

4.BELL TRADE ACT,
5.REHABILITATION ACT,
6.KASUNDUAN NG PANGKALAHATANG UGNAYAN,
7.KASUNDUAN SA BASE MILITAR,
8.PANGKALAHATANG AMNESTIYA,
9.NATIONAL DEVELOPMENT COMPANY,
10.PHILIPPINE RICE-SHARE TENANCY ACT

***TAYAHIN***

1. A
2. B
3. B
4. A
5. C
6. A
7. C
8. A
9. D
10. D

 **Sanggunian:**


Agno, Lydia N. et al. *Marangal na Pilipino Batayang Aklat sa Heograpiya, Kasaysayan at Sibika 5.* Philippines:Vibal Publishing House, Inc, 2006.

MELC, Araling Panlipunan 6, Quarter 3, Week 4

Palu-ay, Alvenia P. *Makabayan Kasaysayang Pilipino Batayang Aklat 5.* Philippines: LG&M Corporation, 2010.

https://kahimyang.com/kauswagan/articles/1087/today-in-philippine-history-april-23-1946-manuel-roxas-was-elected-president

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom

Here the breezes gently Blow,

Here the birds sing Merrily,

The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas

Here the Samals live in peace

Here the Tausogs thrive so free

With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.